Pangalan: Yousuf Guillermo
Paksa ng Khutbah: “Laging Alalahanin si Allah!”
Isinaayos ni: Bro. Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 12, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْدُ:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid ko sa pananampalatayang Islam, lumilipas ang mga araw, buwan at taon sa ating mga buhay ngunit lagi ba nating NAAALALA at napapasalamatan ang lumikha sa ating lahat mula pa sa sinapupunan ng ating mga ina, na Siya rin ang Nag-iisang naglatag ng buong kalangitan at kalupaan at ang lahat ng mga nilalaman nito nang walang pagod sa loob ng anim na araw, na ang lahat ng mga ito ay umiiral ayon sa Kanyang perpektong disenyo?

Ang sabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ اسْتَوَىٰ عَلَى الْعَرْشِ ۖ مَا لَكُم مِّن دُونِهِ مِن وَلِيٍّ وَلَا شَفِيعٍ ۚ أَفَلَا تَتَذَكَّرُونَ ﴾ السجدة: 32:4

***“Si Allah ang lumikha ng kalangitan at kalupaan at ang lahat ng nasa pagitan nito sa anim na araw; at pagkaraan, Siya ay nag-Istawa (pumaitaas) sa Al–Arsh (Trono). Kayo ay wala ng iba pang Wali (tagapagtanggol) at tagapamagitan maliban sa kanya. Hindi ba kayo NAKAKAALALA?”*** (As-Sajdah 32:4)

Siya ay nag-utos sa mga mananampalataya:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اذْكُرُوا اللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴾ الأحزاب: 41

***"O kayong mga naniwala, alalahanin ninyo si Allah nang maraming pag-alaala."*** (Al-Ahzab: 41)

O mga kapwa ko alipin ni Allah, kailangang panatilihin natin sa araw-araw nating buhay dito sa Dunya ang laging PAG-ALAALA sa Kanya sa pamamagitan ng pagbanggit ng LA ILAHA ILLALAH, anuman ang kasalukuyang kalagayan natin sa ating mga buhay. Pagmasdan natin ang paglubog at pagsikat ng araw sa silangan at kanluran. At sa bawat paglanghap natin ng sariwang hangin ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mga oras upang maghanap-buhay para sa ating mga pamilya, paglalaan ng mga oras upang mag-"Salah", ang pagdhi-"Dhikr" at ang iba't ibang mga gawaing pagsamba. Ang lahat ng mga bagay na ito ay biyaya sa ating lahat na dapat suklian sa pamamagitan ng tuwinang PAG-ALAALA sa Kanya.

Isinalaysay ni Jabir Ibn 'Abdullah na ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi:

**"أفضلُ الذِّكْرِ: لا إله إلا اللهُ، وأفضلُ الدعاءِ: الحمدُ للهِ."** رواه مسلم

*"Ang pinakamainam na pag-alaala ay LA ILAHA ILLALAH, at ang pinakamainam na panalangin ay ALHAMDULLILLAH."* (Inulat ni Muslim)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, pagsumikapan nating lahat na maging bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay ang laging pag-alaala kay Allah upang makamit natin ang Kanyang kaluguran at iligtas Niya tayo sa matinding kaparusahan sa Impiyerno. Sinabi ni Mu'adh Ibn Jabal (radhiyallahu 'anhu): "Wala nang iba pang makapagliligtas sa kaparusahan ni Allah maliban sa palagiang PAG-ALAALA sa Kanya." (Jami at-Tirmidhi 3377)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga magulang at kapatid sa pananampalatayang Islam, ito ay hamon una sa aking sarili at sa ating lahat na laging mamutawi sa ating mga pananalita ang palagiang PAG-ALAALA kay Allah Subhanahu Wa Ta'Ala upang ang Kanyang Awa at Habag ay ipagkaloob sa ating lahat dito sa Mundo at lalong higit ay sa kabilang-buhay.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***